Kakalapin ang mga tao sa Araw ng Pagbangon habang mga nakayapak, mga nakahubo, mga supot

Ayon kay `Ā'ishah na Ina ng mga Mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Kakalapin ang mga tao sa Araw ng Pagbangon habang mga nakayapak, mga nakahubo, mga supot." Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, ang mga babae at ang mga lalaki ay magkakasamang nakatingin ang isa't isa sa kanila?" Nagsabi siya: "O `Ā'ishah, ang pangyayari ay higit na matindi kaysa sa makatingin ang isa't isa sa kanila."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglarawan ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng ilan sa mangyayari sa Araw ng Pagbangon, na ang mga tao ay titipunin matapos ng pagbuhay sa kanila mula sa mga libingan nila para sa pagtutuos. Ang kalagayan nila ay na sila ay mga nakayapak ang mga paa na walang mga sapin, mga nakahubo ang mga katawan na walang mga damit ni takip, mga supot na hindi mga tinuli gaya ng araw na ipinanganak sila ng mga ina nila. Noong narinig iyon ng Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya), nagtatakang nagsabi siya: "O Sugo ni Allāh, ang mga babae at ang mga lalaki ay magkakasamang nakatingin ang isa't isa sa kanila?" Kaya naglinaw sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pumapatungkol sa Tigilan§ at Pagkalap matapos ng pagbuhay mula sa kamatayan ay mayroong mga hilakbot na nakakukuha ng pansin ng mga tao at mga paningin nila palayo sa pagtingin sa mga kahubaran.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5460